



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2021 - 034 Serye 2021

KAUTUSANG PAGPAPATUPAD NG MGA PANUNTUNAN SA PAGSASARA NG LAHAT NG SEMENTERYONG PAMPUBLIKO AT PAMPRIADO, KOLUMBARYO AT IBA PANG KAURI NITO SA PAGGUNITA NG ARAW NG MGA NAMAYAPANG MAHAL SA BUHAY O UNDAS 2021 SIMULA OKTUBRE 29 HANGGANG NOBYEMBRE 2, 2021 SA BAYAN NG BULAKAN.

SAPAGKAT, noong ika-8 ng Marso, 2020 si Pangulong Rodrigo Roa Duterte ay nag-isyu ng Proclamation No. 922 na nagdedeclarang nasa "State of Public Health Emergency" ang buong bansang Pilipinas dahil sa banta ng 2019 Novel Coronavirus at ang lahat ng sangay ng pamahalaan ay inaatasang gawin ang lahat ng mga nararapat upang masugpo ang paglaganap ng sakit na ito sa komunidad;

SAPAGKAT, sa bisa ng Presidential Proclamation No. 929 idinedeclarang nasa State of Calamity ang buong bansa hanggang Setyembre 21, 2021 at Presidential Proclamation No. 1218 na nagbigay ng ekstensyon sa deklarasyon ng Kautusang ito hanggang Setyembre 12, 2022;

SAPAGKAT, ang Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF) ay naglabas ng kautusan sa pagsasara ng mga sementeryo, kolumbaryo at iba pa mula ika-29 ng Oktubre hanggang ika-2 ng Nobyembre, 2021 at ito ay paksa ng Executive Order No. 42 ni Igg. Daniel Fernando, Punong Lalawigan, bilang pag-iingat sa pagdagsa ng mga mamamayan sa paggunita ng Undas 2021 at maragdagan ang bilang ng mga maysakit ng COVID-19;

SAPAGKAT, alinsunod pa rin sa Seksyon 444, (2), (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 ang Punong Ehekutibo ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

SA MAKATUWID, AKO, SI VERGEL C. MENESES, Punong Bayan ng Bayan ng Bulakan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob ng mga umiiral na Batas, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod:

TUNTUNIN 1. PAGSASARA NG MGA SEMENTERYO, KOLUMBARYO AT IBA PANG KAURI NITO SA BAYAN NG BULAKAN. I-adopt ang Executive Order No. 42 ni Gob. Daniel Fernando may petsang Oktubre 20, 2021 base sa Kautusan ng IATF na nag-aatas sa lahat ng may-ari at tagapangasiwa ng mga pribado o pampublikong sementeryo, kolumbaryo o iba pang kauri nito na isara ang mga sementeryo sa paggunita ng Araw ng mga Namayapang Mahal sa Buhay o UNDAS 2021 simula ika-29 ng Oktubre hanggang ika-2 ng Nobyembre, 2021. Ito ay bilang pagtalima sa umiiral na community quarantine sa buong Pilipinas dahil sa COVID-19 pandemic, lakip ang gawaing ito:


1. Ang mga mamamayan ay pinapayagang dumalaw o bumisita sa kanilang mahal sa buhay (iayos ang puntod, maglagay ng bulaklak, kandila at ipagdasal) mula sa petsa ng paglabas ng kautusang ito hanggang ika-28 ng Oktubre, 2021 at kung matapos na ang takdang pagsasara sa Nobyembre 3, 2021.
2. Kailangang sundin ang health protocols tulad ng pagsusuot ng face mask, face shield, pag-alcohol at pagpapanatili ng social distancing.
3. Hanggang sampung (10) tao ang isang grupo, at pagpapanatili ng tatlung porsiyentong (30%) kapasidad ng lugar sa papapasuking mamamayan.
4. Ang Misa ay idaraos sa mga Simbahan o Bahay Dalanginan sa Araw ng Namayapa o UNDAS sa Nobyembre 1, 2021 at "live streaming" lamang.

TUNTUNIN 2. PAGPAPATUPAD. Ang Himpilan ng Pulisya (PNP Bulakan), mga Punong Barangay, kasama ang Municipal Inter-Agency Task Force COVID-19 at Barangay Health Emergency Response Team (BHERT) ay inaataasang ipatupad ang nilalaman ng Kautusang ito.

TUNTUNIN 3. PAGLABAG AT KAPARUSAHAN O PENA. Ang sinumang tao o mga may-ari ng libingan, kolumbaryo at iba pa na napatunayang lumalabag sa probisyon ng kautusang ito ay may kaparusahang tulad sa mga itinakda na nakapaloob na Ordinansang Pambayan, o di kaya ay iendorso sa lokal na kapulisan dahil sa paglabag sa mga pambansang batas o kautusan sa panahon ng pandemya.

TUNTUNIN 4. PAGKAKABISA. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

Nilagdaan ngayong ika-22 ng Oktubre, 2021 sa Bayan ng Bulakan.


VERGEL C. MENESES
Punong Bayan